


**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 19
Oktubre 7, 2007
www.philippinerevolution.org

Editorial

Patung-patong na ang katiwalian ng rehimeng Arroyo



Tuluy-tuloy na lumalaki ang apoy na nilikha ng pagkakabunyang ng maanomalyang kontrata ng rehimeng Arroyo sa ZTE Corporation ng China para sa National Broadband Network (NBN) at marami pang kaugnay at katulad na transaksyon.

Anumang maniobra ang gawin ng Malacañang, hindi na nito magtatakpan na ang mag-asawang Gloria at Mike Arroyo ang siyang pangunahing nasa likod at pinakanakinabang sa kontratang NBN-ZTE at naglalaway sa higit pa sanang pakinabang dito.

Sinikap ni Gloria na patayin ang apoy sa pamamagitan ng "pribilehiyo ng ehekutibo" sa ilalim ng Executive Order 464 at Memorandum Circular 108. Gamit ang mga ito, pinigilan ang buong pagsisiwalat ng mga impormasyon tungkol sa anomalya na nalalaman ni Romulo Neri, dating direktor ng National Economic Development Authority. Sa gayon, bagama't nag-ingay siya ukol sa panunuhol ni dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos para sa ZTE, tumahimik siya hinggil sa mismong papel ni Gloria Arroyo sa lahat ng ito. Samantala, sinampahan ng kasong *impeachment* si Abalos dahil sa kanyang panunuhol.

Sa paghahangad na maapula ang apoy, kinansela ni Gloria Arroyo ang kontrata sa ZTE. Umiiwas na madamay ang mag-asawang Arroyo kapag umusad ang *impeachment* kay Abalos sa Kongreso kaya isinakripisyo na lamang siya at pinagbitiw bilang pinuno ng COMELEC noong Oktubre 1. Gayunpaman, hindi na mapapahupa ng gayong mga hakbang ang malinaw nang kongklusyon at matinding galit ng mamamayan hinggil sa anomalyang ito na isa na sa pinakamalalaki sa kasaysayan ng

**Mga tampok sa
isyung ito...**

Kwentong kurakot
PAHINA 3

**18 armas, nasamsam
ng BHB sa Caraga**
PAHINA 4

**Mga bidyo laban sa
paninikil ng rehimen**
PAHINA 6

bansa.


Hindi na rin mapaplantsa ang gusot na nilikha sa naghaharing koalisyon ng pagkakalantad ng anomalya sa kontratang ZTE. Ang patuloy na paggigiit ng anti-Arroyo yong oposisyon na ungkatin ang pagkakasangkot ng mag-asawang Arroyo sa anomalya sa kabila ng iba't ibang maniobra ng rehimen para masalag ito ay gumagatong sa hidwaan sa hanay ng mga naghaharing uri, maging sa mga kapartido ni Arroyo.

Dahil nanguna sa pagbubunyag ng anomalya ang anak ni House Speaker Jose de Venecia, pinuno ng pinakamalaking partido sa naghaharing koalisyon, lumitaw na ang lumalaking lamat sa dating solidong kontrol ng Malacañang sa mayorya sa Mababang Kapulungan at sa partidong Lakas-NUCD. Lalong lumalala ang alingasngas bunsod ng mga maniobra ng partidong Kampi ni Arroyo na patalsikin na si de Venecia bilang House Speaker sa kabila ng pagpanig pa rin sa kanya ng pamunuan ng Lakas-NUCD.

Pinakahuli lamang ang anomalya sa ZTE sa halos di na mabilang na mga kaso ng pandarambong at iba pang mabibigat na krimen ng

rehimeng Arroyo. Mis-mong mga dating kampakampi ni Arroyo na disgustado sa kanyang kasakiman sa poder at pagsosolo sa kinulimbat na yaman ang pinagmumulan ng higit pang mga datos na lalong nagdiin sa kanya at kanyang mga kasapakat at nagpatindi sa pagkakahiwalay ng rehimen.

Sukdulan na ang galit ng mamamayan sa patung-patong nang mga kaso ng pangu-ngulimbat ng pamilya at pangkating Arroyo. Walang kahihyang nagpapakasasa ang mga ito sa limpak-limpak na nakukurakot nila sa samutsaring mga anomalya habang walang kapantay ang sumisidhing



paghihirap ng mamamayan. Walang tigil nilang hinuhuthot ang kabang-yaman ng bansa at pinagkakaitan ng lubhang kinakailangang mga batayang serbisyo ang naghiihikahos na taumbayan. Buong lupit din nilang tinutugis at siniil ang mga nangangahas na maglantad at lumaban sa gayong bulok at mapang-aping kaayusan.

Itinuturing ng mamamayan na ang mag-asawang Arroyo na ang pinakamalalaking magnanakaw sa buong kasaysayan ng papet ng republika. Sa malao't madali, sila at ang buong bulok na naghaharing reaksyunaryo at papet na estado at sistema ay matutupok ng umaapoy na galit ng mamamayan

dahil sa lansakan nilang kasakiman, kabulukan at kalupitan.

Sa kanyang pagkukumahog na makapanatili sa poder at makapangulimbat pa, ang tanging atrasan na lamang ni Arroyo ay ang ibayong pandarahas at panggigipit sa kanyang mga kalaban.

Magkagayunman, lalo lamang patitindihin ni Arroyo ang masidhi nang pagkakasuklam sa kanya ng malawak na masa ng sambayanan. Lalo lamang pararamihin ni Arroyo ang bilang ng mamamayang namumulat at naghahangad na labanan ang kanyang sukduulang mapandambong at ubod ng lupit na rehimen. At lalo lamang titibay ang determinasyon ng mamamayang buuin ang malawak na pagkakaisa upang wakasan na ang bulok at malupit na paghahari ni Arroyo.

AB



Taon XXXVIII Blg. 19 Oktubre 7, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorial	
Patung-patong na katiwalian	1
Kwentong kurakot	3
Matatagumpay na opensiba	
Reyd sa Caraga Region	4
Reyd sa Bicol	4
Pananalanta ng pasistang estado	
Mga sibilyan, pinaslang ng militar	5
Mga bidyo laban sa paninikil	6
Lumalalang problema sa lupa	7
Laban sa pagmimina sa Nueva Vizcaya	8
Cagayan Freeport, salot sa mamamayan	9
Sa ibayong dagat	
Pasistang panunupil sa Burma	11
Welga sa General Motors	11
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Kwentong kurakot

Bagamat wala nang ibang idinawit na mga pangalan liban kay COMELEC Chairman Benjamin Abalos si dating NEDA Director-General Romulo Neri sa imbestigasyon sa Senado hinggil sa maanomalyang kontrata sa ZTE-NBN, nabunyag din sa midya ang pangalan ng iba pang makakapangyarihang taong nasa likod nito.

Tampok dito si Enrique "Ricky" Razon, may-ari ng International Container Terminal Services, Inc. (ICTSI). Si Razon ay isa sa pinakamalalaking burges kumprador sa Pilipinas at sinasabing pinakamalapit na kaibigan ni Mike Arroyo. Siya rin ang pinakapinapaboran para sa pinakamalalaki't pinakamakatas na proyekto ng gubyerno. Si Razon, na nagsilbi ring tesorero ng Team Unity noong eleksyon ng Mayo 2007, ang siyang nagtulak na madaliin ang pirmahan sa kontratang ZTE-NBN kahit maraming nilabag na pangkaraniwang proseso sa ganitong mga transaksyon. Ang dahilan: nais na niyang makuha agad ang umabot sa \$68 milyong (P3.4 milyon) kikkak mula rito para magamit ang pondo sa kampanya ng mga kandidatong suportado ng Malacañang. Si Razon din ang tumawag kay Mike Arroyo para brasuhin si Joey de Venecia na umatras na sa proyektong NBN. Kaya naman noong bisperas ng unang pagdinig sa Senado hinggil sa kontrata, kasabay ni Mike Arroyong tumalilis sa bansa si Razon sa pangamba niyang madawit siya agad sa anomalya.

Patunay din ng malalim na pagkakasangkot ni Gloria Arroyo sa anomalya ang atas niya kay Neri na aprubahan pa rin ang proyektong ZTE-NBN sa kabila ng iniulat na ni-

ya kay Arroyo na panunuhol ni Abalos.

Nangibabaw kay Neri ang malaking takot kaya isinangkalan niya ang EO 464 para di mapilit na magsalita sa Senado hinggil sa interes at pakikialam nina Razon at mag-asawang Arroyo sa proyekto.

May patikim na sina Arroyo at Razon kay Neri kung ano ang maaari niyang sapitin tuwing binabangga niya ang mga nasa kapangyarihan. Sa simpleng mungkahi pa lamang ni Neri nitong Agosto na magpapasok ng ibang kumpanyang makikipagkumpitensya sa ICTSI para mapababa ang napakataas na singil nito, binulyawan

siya ni Razon, inareglo ang pagpapatal-sik sa kanya sa NEDA at isinalaksak siya sa Commission on Higher Education kahit wala siyang kwalipikasyong pamunuan ang ahensyang ito. Sa isang mensaheng *text*, binantaan din ni Razon ang isang istap ni Neri na "kapag nagsalita ang boss mo, ako mismo ang babali sa lahat ng buto sa kanyang katawan."

Bukod sa mga pagbabantang ito, napansin si Neri na may umaligid na mga lalaking nagmaman-


man sa kanyang bahay sa bisperas ng nakatakda niyang unang pagharap sa Senado noong Setyembre 20, kaya hindi niya sinipot ito. Lumabas na mga operatibang paniktik ng PNP ang mga nagmamanman sa kanya. Pagputok pa lamang ng anomalya sa midya, pilit agad itong iniugnay ni AFP chief Gen.

Hermogenes Esperon sa mga pakana umanong destabilisasyon laban sa rehimeng

Arroyo. Hindi malayong idawit si Neri ng rehimeng Arroyo sa diumanong pakanang ito kung tuluyan niyang itutuga ang aktwal na pagpapasimuno ng mag-asawang Arroyo sa pinakamalaki nang anomalyang nabubunyag sa kasaysayan ng papet na republika.

Gayunman, sa kabila ng lahat ng pananakot ng pangkating Arroyo kay Neri, nagbabadya pa rin ang malaking pagyanig sa kapangyarihan ng naghaharing rehimen bunga ng mga maisisiwalat ni Neri. Sa pagdinig pa lamang sa Senado noong Setyembre 26 na hindi ibinukas sa midya, marami nang naisiwalat si Neri na sa pagtaya ng mga naroroon ay maaaring magpasiklab ng isa na namang pag-aalsang tipong-EDSA.

Naibukas na ni Neri sa kaibigan niyang kolumnista ng *Philippine Star* na si Jarius Bondoc na kapag ang Korte Suprema na ang mag-oobliga sa kanya, magsasalita na siya. Nakatakda sa Oktubre 25 ang susunod na pagdinig sa Senado hinggil sa maanomalyang kontrata.





Mga pulis, nasorpresa

18 armas nasamsam ng BHB sa reyds sa Caraga Region

Nagulantang ang matataas na opisyal ng Eastern Mindanao Command ng AFP nang salakayin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Setyembre 23 ang istasyon ng PNP sa Cantilan, Surigao del Sur. Naganap ang pagsalakay sa kabila ng pagtataas ng alerto ng mga kumand ng reaksyunaryong militar at pulisya.

Matagumpay na hinakot ng mga Pulang mandirigma ng Pulang Diwata Command ng BHB-North Eastern Mindanao Region (NEMR) ang 18 armas at iba pang kagamitang militar sa armori ng pulisya. Kinabibilangan ito ng 14 na M16, dalawang *shotgun*, isang pistolang 9 mm, isang .38, tatlong libong bala ng M16, 88 mahahabang magasin at 44 na maiikling magasin ng M16, pitong granada ng M203 at *rifle grenade* at iba't ibang kalibrenang bala.

Wala sanang putok ang isasagawang reyds ngunit sa proseso ng

taktikal na opensiba ay napilitang magpaputok ang mga kasapi ng Pulang Diwata Command nang manlaban ang dalawang tropa ng PNP. Nasugatan ang dalawang pulis samantalang walang kasawati sa panig ng BHB.

Ayon kay Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front-NEMR, ang taktikal na opensiba ay aksyong pamarusa sa abusadong mga elemento ng PNP sa Cantilan na protektor ng mga sindikato ng droga, mga ilegal na pasugalan, mga grupong tulisan at ilegal na pagtotroso; nangongotong



Dayuhang minahan sa Bicol, sinalakay ng BHB

Sinalakay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang minahan ng ginto na pagmamay-ari ng kumpanyang Australian sa bayan ng Labo, Camarines Norte nitong Oktubre 4.

Bandang alas-2:30 ng hapon nang salakayin ng isang platoon ng mga Pulang mandirigma ang El Dore Mining Corporation sa Barangay Dumagmang. Sinamsam nila ang 30 armas ng mga guardya ng kumpanya, walong *laptop computer* at mga radyong pangkomunikasyon. Sinunog ng BHB ang isang *generator* ng minahan, isang bulldoser at dalawang *pickup*. Walang naiulat na nasaktan sa magkabilang panig.

Matatandaang noong nakaraang ilang buwan ay nagbabala ang Partido Komunista ng Pilipinas na pipigilan ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Pilipino ang mga mapaminsalang operasyong pagmimina sa bansa. Kasabay nito, ibinaba ang direktiba sa lahat ng kumand ng BHB sa buong bansa na parusahan ang malalaking kumpanya na karamihan ay pag-aari ng mga dayuhang kapitalista at kilala sa pagsira ng kalikasan. AB

at nananakit ng mga sibilyan laluna ng mga magsasaka. Aniya, pinabubulaanan din nito ang pagbabando ng Eastern Mindanao Command ng AFP at ng 4th ID ng Philippine Army na mababa na umano ang moral ng BHB sa rehiyon. Palagi na lamang umanong tumatakbo at hindi na makapahinga ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon dahil sa walang patlang na pagtugis sa kanila ng AFP at PNP.

Dagdag pa ni Kasamang Maria Malaya, ang matagumpay na taktikal na opensiba ay isa ring malinaw na pagtatakwil ng rebolusyonaryong pwersa sa malisyosong amnestiyang alok ng rehimeng US-Arroyo. Wala aniya itong kahihinatnan kundi ang pagdami ng kaso ng mga "pagpapasuko" sa mga ordinaryong magsasaka na pinalalabas na mga pwersa ng BHB. AB

Mga sibilyan, pinaslang ng militar sa Samar at Cagayan

Wala pa ring patlang ang pang-aabuso ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao. Pinakakarumal-dumal sa mga ulat na nakalap ng *Ang Bayan* ang pagkakapaslang sa apat na sibilyan sa Samar at dalawang magsasaka sa Cagayan noong Setyembre. Isa ring aktibistang tumututol sa mapaminsalang pagmimina ang pinatay sa Romblon nitong Oktubre.

Oktubre 3. Bandang alas-9:30 ng umaga, pinagbabaril si Armin Marin habang pinamumunuan niya ang isang kilos-protesta sa malaking pagmimina sa Sibuyan, San Fernando, Romblon. Konsehal siya ng San Fernando at aktibong kasapi ng Kalikasan People's Network for the Environment (Kalikasan-PNE). Si Marin ay ika-23 nang aktibistang pangkalikasan na naging biktima ng pampulitikang pamamaslang mula noong 2001.

Setyembre 26. Namatay sina Bedasto Dacatimbang, Benito Dacutanan at Simplicio Ebit nang ambusin ang kanilang grupo ng mga elemento ng 46th IB sa Moti-ong, Samar. Sina Dacatimbang at Dacutanan ay mga kapitan ng barangay. Nasugatan naman sina Jonathan Dacutanan, Benjamin Dacatimban, Noel Cabel at Wilson Garen. Nawa-wala hanggang ngayon sina Jaime Dacutanan at Richard Dacatimban. Naganap ang pananambang matapos magreklamo ang mga lokal na upisyal sa pag-ambus ng militar kay Ernesto General, isang konsehal ng barangay at kanyang asawa noong araw ding iyon. Namatay si General sa ambus. Nang pauwi na ang grupo matapos maghapag ng reklamo sa kampo ng militar, sila naman ang tinambangan. Malaon nang pinag-iinitan ng militar ang

mga upisyal dito dahil sa kanilang pagsisiwalat at pagbatikos sa mga abusong militar sa lugar.

Setyembre 22.

Pinagbabaril ng mga elemento ng 21st IB ang magsasakang si Cahobo Bayaua, 64, sa Si-tyo Baculud, Barangay Mazi, Rizal, Cagayan. Mamiming-wit sana siya ng isda sa kalapit na lawa nang paputukan siya ng militar. Ipinagpatuloy ang pamamaril sa kanya kahit isinigaw na niyang sibilyan siya. Nasugatan siya sa tainga, balakang at binti. Pagkatapos ng insidente ay iniulat ng 21st IB na mga gerilya ng BHB ang bumaril kay Bayaua.

Setyembre 20. Tatlong lider at isang myembro ng mga progresibong organisasyon at partido ang hinaras nitong Setyembre 20 ng anim na elemento ng militar sa Angeles City. Ang mga biktima ay sina Roman Polintan, tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan sa Central Luzon (BAYAN-CL) at *coordinator* ng Bayan Muna sa rehiyon; Joseph Canlas, tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon at


regional coordinator ng partidong Anakpawis; Angelina Ladera, tagapangulo ng Workers' Alliance in Region III; at Jovelyn Suson, 31, myembro ng istap ng BAYAN-CL.

Kasasakay lamang ng apat na lider-masa sa kanilang *van* matapos magdaos ng *press conference* sa isang restawran sa syudad nang sundan ang kanilang sasakyan ng dalawang lalaking nakamotorsiklong Wave na may plakang OH5948. Tumigil lang ang pagsunod sa kanila ng motorsiklo nang pumunta na ang mga maslider sa isang istasyon ng pulis para ireport ang insidente.

Setyembre 19-26. Dinukot at sinalbeyds ng mga elemento ng 17th IB ang mga magsasakang sina Roger Agluob at Maximo Sebastian noong Setyembre 19. Si Agluob ay taga-Gattaran at si Sebastian ay taga-Camalaniugan, parehong sa prubinsya ng Cagayan. Natagpuan ang kanilang mga bangkay na nakagapos at bugbog-sarado sa Bangatan, Gattaran. Dinukot sila habang nagtatrabaho sa kanilang sakahan matapos ambusin ng BHB ang 17th IB sa Bangatan na ikinamatay ng pitong sundalo.

Kinabukasan, pinagbubugbog ng mga elemento ng 17th IB sina Rommel Ligut ng Barangay Bangatan at Jikjik Cabang ng Barangay Taguing, Baggao. Hinalughog din ang bahay ni Sonny Roploc sa Bangatan at ninakawan siya ng pera, *cellphone*, *generator*, mga *speaker*, mikropono at mga kawad ng kuryente.

Isang linggong pinagbawalan ng militar na magtrabaho sa kanilang mga bukid ang mga magsasaka sa Bangatan.



*"Rights"*

Mga bidyo laban sa paninikil ng rehimen

Tinangka ng MTRCB (Movie and Television Review and Classification Board) nitong Setyembre na ipagbawal ang pagpapalabas sa publiko ng "Rights," isang serye ng maiiksing bidyo na bumabatikos sa rehimeng US-Arroyo.

Nabalam ang pagpapalabas sa-na ng "Rights" bago ang paggunita sa ika-35 anibersaryo ng batas militar nitong Setyembre 21 nang markahan itong "X" (bawal ipalabas sa publiko) ng MTRCB. Sinisira raw kasi ng ilan sa mga bidyo ang tiwala ng publiko sa guberno at nag-uudyok daw ito ng paglaban.

Bunsod ng malawakang batikos sa hakbanging ito, umatras ang MTRCB at pinalitan ng "R-13" (pwedeng panoorin ng sinumang 13 taong gulang pataas) ang kategorya ng ilan sa mga bidyo.

Ang "Rights" ay binubuo ng 17 maiiksing bidyo na may habang 30 segundo hanggang dalawang minuto kada isa. Pumapagtungkol ang mga ito sa malawakan at lumalalang paglabag sa karapatang-tao. Sa simple ngunit malikhain at epektibong paraan, nagawa ng mga pelikula na ilarawan at batikusin ang matinding pampulitikang pamamaslang at mga pagdukot; ang pagtrato ng rehimen sa mga detenidong pulitikal at ang paninikil nito sa midya.

Halimbawa nito ang pelikulang "Where is Jonas?" tungkol sa pagkawala ni Jonas Burgos na nanghihikayat sa mga manonood na ipag-

patuloy ang pakikibaka ng mga naging biktima ng estado. Sa pelikulang "Definition #1" na likha ni JL Burgos, nakababatang kapatid ni Jonas, binigyang-diin niya ang pananagutan ng estado sa mga kaso ng mga pagdukot at pagkawala ng mga aktibista. Sinundan ito ng "Bangka o Eroplano," isang pelikula tungkol sa kanyang paghahanap

sa nawawalang kapatid gamit ang pagtutulad sa dalawang batang naglalaro.

Sa pelikulang "Lost and Found," ihinalintulad ang mga nawawalang aktibista at rebolusyonaryo sa mga kasuotan at kagamitan na naiwan matapos ang marahas na pagbuwag sa mga kilos protesta at piket-layn—isang akmang paglalarawan sa pasistang pananakal ng estado. Ganito rin ang tema ng pelikulang "The Disappeared."

Ang mga pelikulang "Juan Takbo" at "Good News" ay tumalakay sa marahas na pagsikil ng estado sa malayang pamamahayag. Mula umpisa, sinundan ng kamera si Juan habang tumatakbo at pinagbabaril ng isang di nakikitang tao hanggang tuluyang mapatay ang biktima. Sa pangalawa, may nakatutok na baril sa likod ng isang

brodkaster habang nagbabasa siya ng "magagandang balita."

Sa "Unang Araw" at "Ikaw," walang palamuting ipinakita ang brutalidad ng mga elemento ng estado sa dinudukot nilang mga aktibista at rebolusyonaryo.

Sa "Adelisa," kuha ang pagtangis ng isang batang nawalan ng ina at ama na kapwa biktima ng pamamaslang. Sa "Ikaw," ipinakita na walang pagkakaiba ang rehimeng Arroyo sa diktadurang Marcos sa kabangisan at brutalidad nito laban sa mamamayan. Ganito rin ang tema ng pelikulang "Tanga."

Kabilang din sa serye ang "Di-yaryo," "Ignorante," "One Tilted Screen," "Human Rights Worker," "Dukot" at "Karne."

Sa kabuuan, kapuri-puri ang mga pelikulang nakapaloob sa seryeng "Rights" at ang mga lumikha ng mga ito. Sa loob lamang ng ilang segundo, naiparating nila sa malinaw at direktang paraan ang pangunahing punto ng bawat kwento. Mahusay nilang naibahagi ang kalagayan ng karapatang-tao sa bansa gamit ang angkop na mga kwento, biswal at musika. Mahusay ang pagganap ng mga aktor. Malinis at maayos ang pagkakalikha ng bawat bidyo.

Dahil sa tuluy-tuloy na paninikil ng estado, napapanahon ang paglikha at pagpapalabas ng ganitong klaseng mga bidyo. Ipinabot nito sa mas malawak na saklaw ang pananaw ng mga biktima, kanilang mga pamilya at kanilang mga tagasuporta. Naigigiit din ng mga independyenteng tagalikha ng pelikula ang karapatan nilang magpahayag ng saloobin at ang karapatan ng mamamayan sa malayang pamamahayag. **AB**



Lumalala ang problema sa lupa ng mga magsasaka

Sa nakaraang mahigit nang isang siglo, walang anumang esensyal na pagbabago sa monopolyong pag-aari ng lupa sa Pilipinas. Walang anumang makabuluhang pagbabagong dala ang iba't ibang huwad na programang reporma sa lupa na ipinatupad ng magkakasunod na papet na rehimen mula nang isilang ang papet na republika.

Dahil nagtatanggol pangunahin sa interes ng mga panginoong maylupa, pinalalala lamang ng mga huwad na programang ito ang kawalan ng lupa ng mga magsasaka habang pinalalawak ang saklaw ng mga luma at bagong malalaking panginoong maylupa.

Sinasalamin ito ng mga estadistika sa mahabang kasaysayan. Noong 1903 halimbawa, umaabot lamang sa 18% sa mga magsasaka ang umuupa ng lupa. Pagsapit ng 1918, umabot na ito sa 22%; 35% noong 1933; 48% noong 1956; 50% noong 1961; at 52% ngayon.

Kasabay nito, tuluy-tuloy pang bumaba ang bilang ng mga nagmamamay-ari ng lupaing agrikultural. Noong 1903, 0.8% ng populasyon ang nagmamamay-ari ng 35% ng kabuuang lupang sinasaka. Pagdating ng 1953, 0.36% na lamang ang nagmamamay-ari ng 41.5% ng kabuuang lupang sinasaka.

Mas masahol pa ang pagliit ng bilang at saklaw ng sariiling pag-aari at nabubungkal na lupa ng mga magsasaka. Mula 1939 hanggang


2002, bumaba ito mula 49.2% tungong 47.7% habang bumaba ang saklaw nito mula 55% tungong 50.8% ng kabuuang lawak ng agrikultural na lupain. Mula sa 50% noong dekada 1970, umaabot na ngayon sa mahigit 75% ng mga magsasaka ang wala o kulang ang sariling lupang binubungkal.

Sa pagsahol ng malapyudal na sistema ng pagpapatrabaho at pagsasamantala sa mga magsasaka, laluna mula nang ipatupad ang mga programang *crop conversion* (pagpapalit-tanim) at *land-use conversion* (pagpapalit-gamit ng lupa) ng papet na estado alinsunod sa imperyalistang patakaran ng "globalisasyon," lumaki nang lumaki ang bilang ng mga dating tenante na naging manggagawang bukid na lamang o kaya'y tuluyan nang nawalan ng lupang mabubungkal. Sinasala-

min ito ng pagliit ng bilang ng mga inuupahang lupa sa kabuuang bilang ng mga binubungkal ng mga magsasaka, mula 35.1% sa Census of Agriculture (CA) noong 1939 tungong 12.9% noong 2002. Sinasalamin din nito ang ibayong pagtindi ng problema sa kawalan ng lupang mabubungkal ng mga magsasaka.

Samantala, lalo pang tumitindi ang pyudal at malapyudal na monopolyo sa buong bansa. Habang papaliit ang bilang ng mga panginoong maylupa ay lalo namang lumalaki ang saklaw ng pag-aari nila. Noong 1954, mayroong mahigit 13,000 itinuturing na malalaking panginoong maylupa—mga nagmamamay-ari ng mula 50-1,000 ektarya ng mga lupaing agrikultural. Naging 10,000 noong dekada 1970 at 9,500 na ngayon ang nagmamamay-ari pa rin ng mahigit 25% ng kabuuang pag-aari ng mga panginoong maylupa (10.4 milyong ektarya o 80% ng 13 milyong ektaryang lupaing agrikultural sa bansa).

Ipinakikita ng mga datos na ito ang tuluy-tuloy na konsentrasyon ng mga lupaing agrikultural sa kamay ng iilan habang nawawalan naman ng lupa ang nakarami. **AB**



Maigting ang paglaban ng mamamayan sa dayuhang pagmimina sa Nueva Vizcaya

"Protektahan ang likas na yaman ng bansa! Ibasura ang Philippine Mining Act!" Ito ang sigaw ng mamamayan ng Nueva Vizcaya na napipinsalaan at tuluy-tuloy na lumababan sa samut-saring proyekto sa malakihang dayuhan at komersyal na pagmimina sa malalawak na bahagi ng prubinsya.

Pinakamainit ngayon ang paglaban ng mamamayan sa bayan ng Kasibu, Nueva Vizcaya at mga kanugnog na lugar sa Royalco Resources Limited at Oceana Gold Philippines Inc. (OGPI) na may Financial or Technical Assistance Agreement (FTAA) at Exploration Permit (EP) sa mahigit 200,000 ektarya sa bayang ito.

Ang FTAA ay nagagawad ng karapatan sa mga kumpanya sa pagmimina na mag-opereyt sa umaabot sa 81,000 ektaryang lupa in sa loob ng hanggang 50 taon kapalit ang minimum na puhunang \$50 milyon. Sa EP naman, may karapatan ang isang kumpanya na maghanap ng mga mineral sa isang lugar sa loob ng dalawang taon. Kapag nakakita sila ng sapat na mineral, maaari silang kumuha ng FTAA o kaya'y pumasok sa iba pang kaayusan para makapagsimula ng operasyong pagmimina.

Ang Kasibu ay nasa bahagi ng Sierra Madre na deklaradong pro-

tektado para mamantine ang kagubatan at pag-iral ng iba't ibang hayop at halaman. Isasapanganib ng malakihang pagmimina ng mga dayo at komersyal na kumpanya ang mga lugar na pinagmumulan ng tubig sa mga ilog at sapa at ang malalawak na taniman ng mga *citrus* (kalamansi, dalanghita at mga katulad na pananim) na pinanggagalingan ng kalakhan ng kita ng mamamayan sa Kasibu. Dahil sa laki ng produksyon ng *citrus*, ang Kasibu ang tinataguriang *citrus capital* ng bansa.

Mga magsasaka at pambansang minoryang Bugkalot, Kalanguya, Ifugao, Bontoc, Kankaney at Ibaloi laluna sa Malabing, Muta Valley at Conwap Valley na napipinsalaan sa pagmimina ng ginto at tanso sa Kasibu at hangganan nito sa Quirino ang nasa harapan ng paglaban sa mga kumpanyang ito. Kaanib sa paglaban nila ang malawak na aliyansa ng mga nagtataguyod sa pangangalaga ng kalikasan at kabu-


hayayan, kabilang si Most Rev. Ramon Villena, obispo ng Nueva Vizcaya, iba pang taong simbahan, mga akademiko at pati ang lokal na pamahalaan ng prubinsya at ng munisipalidad.

Noong Hulyo 12 sinimulan ng ilanlibong mamamayan ng Kasibu ang pagbabarikada para maharang ang pagpasok ng Royalco para magmina sa kanilang lugar. Nagpapatuloy pa

ang barikada hanggang sa kasalukuyan sa kabila ng kautusan kapwa ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) at ng Nueva Vizcaya Regional Trial Court ng mga order na itigil ang barikada, bawalan ang mamamayan na sumama roon at kasuhan ang 22 lider ng mga tribo at barangay na namumuno sa barikada. Pumusisyon ang pulis sa tapat ng barikada at nagbantang bubuwagin ito at aarestuhin ang mga nagbabarikada. Pero nanindigan ang mga nagbabarikada na hindi nila papapasukin ang kumpanya sa lugar nila anuman ang mangyari.

Nitong Agosto 29, nasaktan ang maraming nagbabantay sa barikada nang sugurin sila ng mga bayarang maton ng Royalco na nagdala ng mga buldoser na pangwasak ng barikada. Ngunit di natitinag ang mga nagpoprotesta at di pa rin nakapasok ang mga tauhan at makinarya ng kumpanya para maumpisahan ang eksplorasyon. Hanggang ngayon ay hindi makapagsimula ng operasyon ang kumpanya dahil sa mainit na paglaban ng mga taga-Kasibu.

Gayundin, sa kabila ng panunupil sa kanila ng mga pasistang pwersa ng rehimen, hindi natitinag ang tuluy-tuloy na pagkilos ng mamamayan ng Didipio at Papaya sa Kasibu laban sa pagmimina ng OGPI ng tanso sa 375 ektarya ng lupain ng mga pambansang minorya roon. Inaasahan ng OGPI na ang mahigit dalawang milyong tonelada ng tanso na mahuhuthot nila taun-taon ay maghahatid sa kumpanya ng mahigit US\$58 milyong taunang kita sa loob ng unang 12 taon ng pagminina roon. Bukod sa malalason ng basura mula sa mina ang tubig at masisira ang mga *cit-*



rus at iba pang tanim sa lugar, papatagin din ng pagmiminang *open pit* ang mga bundok gamit ang malalaking makinarya ng kumpanya.

Parehong sinubukan din ng OGPI at Royalco na suhulan ang mga lider ng mga tribo at barangay sa Kasibu. Bukod sa paglalaan para sa 34 lider ng tribong Bungkalot sa mga barangay ng Papaya at Pao ng tig-P3,000-P4,000 kada buwan sa loob ng dalawang taon na umano'y sweldo nila bilang mga upisyal pangliyas sa pagitan ng komunidad at ng kumpanya, nanga-ko pa ang Royalco na magbibigay ng P150,000 donasyon sa Bugkalot Indigenous Cultural Community. Ang OGPI ay namahagi rin ng tig-P50,000 sa mga upisyal ng Barangay Papaya kapalit ng pagpirma nila ng resolusyon ng barangay na pumapayag sa pagmimina ng kumpanya roon. Ngunit ang panunuhol ay itinakwil di lamang ng mamamayan ng ibang barangay kundi magiging ng taumbaryo sa Papaya at Pao.

Ang Royalco Resources Limited ay isang kumpan-

yang Australian na bumili noong nakaraang taon sa Oxiana Philippines, Inc., na nabigyan ng EP noong 2003 para sa 5,800 ektarya sa anim na barangay ng Kasibu, may aplikasyon para sa pagmimina sa 199,425 ektarya sa Kasibu rin, at may aprubado na ring EP para sa 22,000 ektarya sa iba pang mga kanugnog na lugar.

Ang OGPI na dating Australasian Philippines Mining Inc. (Apmi) ay dili iba't ang Climax Arimco Mining Corp. (CAMC) na dati nang binigyan ng FTAA sa 34,993 ektarya noon pang 1994. Binili ito noong nakaraang taon ng Oceana Gold Ltd., isang kumpanyang Australian na siyang pinakamalaking nagmimina ng ginto sa New Zealand. Direktang apektado ang 15 barangay ng Kasibu at hindi bababa sa tatlong barangay ng prubinsya ng Quirino sa pagmimina ng OGPI. May-roon pa itong anim pang proyekto ng pagmimina sa mga prubinsya ng Cagayan, Apayao, Agusan del Sur, Surigao del Norte at Panay. **AB**

Cagayan Freeport, salot sa mamamayan

Tusong inilalatag ngayon ng rehimeng US-Arroyo ang Cagayan Special Economic Zone and Freeport (CSEZF o Cagayan Freeport), isang proyektong "pangkaunlaran" na pinondohan ng International Monetary Fund at World Bank. Gagawin umano ng CSEZF na isang "*super region*" ang prubinsya.

Pero hindi kaunlaran kundi matinding dislokasyon at kahirapan sa mga mamamayan ang idinudulot ng paglalatatag ng Cagayan Freeport. Tanging ang mga dayuhang mandarambong at kanilang mga kasabwat na lokal na naghaharing uri ang natutuwa sa proyekto.

Noon pang 1995 unang nabuo ang plano ng Cagayan Freeport. Itinatag noon ang Cagayan Economic Zone Authority (CEZA) upang magsilbing tagapamahala ng proyekto. Nakapailalim pa ito noon sa programang Philippines 2000 ng rehimeng Ramos.

Sa disenyo nito, magsisilbing sentro umano ng transportasyon sa dagat at himpapawid, agro-industriya at turismo ang Cagayan Freeport. Ililibre sa buwis ang lahat ng mga produktong pumapasok at lu-

malabas dito. Ililibre rin sa buwis ang mga dayuhan at lokal na korporasyong magtatayo ng pabrika o upisina sa loob ng pwertong ito.

Muling binuhay ng rehimeng US-Arroyo ang Cagayan Freeport at pinagmukhang bagong proyekto na bahagi ng programa nitong "*super region*." Katulad ng iba pang "proyektong pangkaunlaran" ng korap na rehimen, gagamitin lamang nito ang Cagayan Freeport bilang daluyan ng pondong makukurakot. Paghahati-hatian ng mga upisyal ng lokal na gubyrno ng Cagayan at ng rehimen ang mahuhuthot na pondo mula rito.

Ayon sa plano, ang Cagayan Freeport ay magiging bahagi ng North Luzon Agri-business Quadrangle (NLAQ) na sasagip sa pamumuhunan sa *agri-business*. Dito

ipoproseso ang mga produkto mula sa agrikultura at palaisdaan para sa lokal na konsumo at eksport.

Lantaran at mabangis na pangangamkam ng lupa. Batay sa mga unang disenyo, limitado lamang sa Sta. Ana at tatlong isla sa bayan ng Aparri na sumasaklaw sa 54,118.95 ektarya na *urban, suburban* at lupang *agro-industrial* ang Cagayan Freeport.

Pero sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo, pinalawak nito ang saklaw ng proyekto hanggang sa mga karatig-bayan tulad ng San Vicente at Gonzaga kung saan binabalak ng rehimen na magtayo ng mga paliparan. Aabot sa 26,000 ektarya ng lupaing agrikultural dito ang target na hawanin at isailalim sa pagpapalit-gamit. Ang mga lupaing ito ay binubungkal at pinaunlad na ng mga magbubukid na Ilokano at mga minorya mula sa Ifugao, Bontoc, Benguet at Abra mula pa noong dekada 1970.

Epekto sa mamamayan. Umaabot na sa 2,000 pamilya ang pinailay sa bayan ng Sta. Ana at may taning na rin ang mga naiwang magsasaka hanggang Hunyo 2008. Napilitan ding lumikas ang ilang mga residente sa

ilang bahagi ng bayan ng Aparri dahil sa banta ng demolisyon. Lumilipat sila sa mga bayan ng Gonzaga at Sta. Teresita nang walang katiyakan ang kanilang mga kabuhayan.

Ang sapilitang paglikas ng mamamayan ay dulot ng konstruksyon ng mga paliparan sa iba't ibang bahagi ng prubinsya. Walang pakialam ang rehimen sa pinsalang idudulot nito sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Wina-wasak nito maging ang kalikasan, katulad ng walang pakundangang pagsira nito sa mga bakawan sa mga baryo sa tabing-dagat ng Baggao at Gattaran upang gawing pasyalang-turista ang lugar.

Upang sapilitang ipatupad ang mapangwasak na programa at pwersahin ang mga residente na iwanan ang kanilang mga lupa, naglunsad ng sunud-sunod na mga operasyong militar ang AFP sa mga apektadong lugar. Mula Enero 2007, malawakan at matitindi ang mga operasyong militar sa Baggao, Gattaran, Lallo at iba pang lugar na may mariing pagtutol ang mamamayan sa proyekto.

Dahil sa lantaran at mabangis na pangangamkam ng lupa, libu-libong magsasaka ang nawawalan ng hanapbuhay at pilit na pumasok sa iba-ibang mapagkakakitaan para lamang mabuhay. Halimbawa, bunga ng pagkawala ng lupang sinasaka ay kapuna-puna ang pagdami ng mga mala-mang-gagawa na napipilitang pumasok sa mapang-aping kundisyon sa pagtrabaho. Sa loob at labas ng Freeport, lumalaganap ang prostitusyon.

Walang mapapala ang mamamayan sa proyektong ito kundi ang mas matinding kahirapan. Walang ibang paraan para makamit ang maaliwalas na bukas kundi ang determinadong paglaban sa maka-imperyalista at kontra-mamayang proyekto ng CEZA. **AB**



Pasistang panunupil sa Burma, tumitindi

Sinalakay ng mga elemento ng militar ng Burma (kilala rin sa upi-syal na pangalang Myanmar) ang mga monasteryo ng mga mongheng Buddhist nitong Setyembre matapos ang maramihan nilang paglahok sa serye ng mga protesta laban sa pasistang rehimen sa bansa. Sa mga reyd na ito, daan-daang monghe ang binugbog, humigit-kumulang 200 ang inaresto at isa ang pinatay.

Sa ngayon, umabot na sa 2,000, kabilang ang 700 monghe, mga 400 estudyante at 200 kaba-baihan ang naiulat na inaresto at kasalukuyang nakapiit sa Rangoon (kilala ring Yangon), kabisera ng bansa.

Ikatlong buwan na ngayon mula nang sumambulat ang mga higitang kilos protesta ng mamamayan ng Burma noong kalagitnaan ng Agosto, kalahok ang malaking bilang ng mga monghe. Nagsimula ang mga protesta sa rali ng 400 mamamayan sa Rangoon noong kalagitnaan ng Agosto para tutulan ang pagdoble ng presyo ng langis sa harap ng tumitinding kahirapan ng mamamayan. Bunsod ng maramihang hayag na paglahok ng mga monghe na ibayong nagpalaki sa mga sumunod na kilos protesta, tinawag na Saffron Revolt (mula sa kulay *saffron* o *yellow-orange* na kasuotan ng mga

monghe) ang mga protesta.

Umani ng suporta ang mga pagkilos ng mga monghe at di nagtagal, bumuhos ang malawakang paglahok sa protesta ng mga mga ordinaryong mamamayan. Iwinagayway nila ang mga bandila at istrimer na nananawagan ng "wakasan ang karahasan", "pagkain, damit at pabahay", "pambansang pagkakaisa" at "kalayaan para sa mga bilanggong pulitikal." Pinakamalaking serye ng mga protesta ito laban sa diktadurang militar makaraan ang mga dambuhalang protesta noong 1988 kung saan mahigit 3,000 nagpoprotesta ang minasaker ng diktadura.

Kinundena ng mga demonstrador ang diktadurang militar at kawalan ng kalayaan at demokrasya sa bansa, gayundin ang patuloy na detensyon ni Aung San Suu Kyi, lehitimong lider ng bansa at pangulo ng National League of De-



mocracy Party. Si Aung ay nahalal bilang presidente ng Burma noong 1990 ngunit hindi kailanman pinaupo sa pwesto ng diktadurang militar.

Dahil sa paglaki ng mga protesta sa mayor na mga syudad ng Burma, higit na naging marahas at malupit ang mga pulis sa pagbubuwig ng mga pagkilos. Sa Rangoon, ginamitan ng pulis ng tigas, mga pamalo at baril ang mga nagpuprotesta. Mahigit 300 ang inaresto na karamihan ay mga estudyante at mga monghe. Isa sa mga inaresto si Myint Thein, tagapagsalita ni Suu Kyi. Hinarangan naman ng mga sundalo ang apat na tarangkahan sa Sule Pagoda, isa sa mga lugar na pinagdadausan ng protesta sa syudad ng Rangoon, para pigilan ang pagdami ng mga demonstrador. Binuwag din ng militar ang protesta sa Mandalay, pangalawang pinakamalaking syudad sa bansa.

Sa pinakahuling mga ulat, umaabot na sa 110 ang namamatay dulot ng mararahas na pambubuwig ng mga pulis sa mga kilos protesta. Isa sa mga unang napaslang si Jenji Nagai, ang isang mamamahayag na Hapones. Isang libo naman ang napaulat na nawawala.

Hindi natitinag ang mga monghe at mamamayan ng Burma kahit matapos salakayin ng pasistang diktadura ang mga monasteryo at bantaan ang sinumang sasali sa mga pagkilos. Nitong Setyembre 25, umabot na sa 100,000 ang sumasama sa mga protesta. Ito na ang pinakamalaking naging pagkilos ng mamamayan sa Burma sa loob ng halos dalawang dekada.

Inaasahang magpapatuloy pa rin ang mga pagkilos sa kabila ng mga malawakang pang-aarestong isinasagawa ng diktadurang militar nitong Oktubre. **AB**

Mga manggagawa ng General Motors, nagwelga

Isang pambansang welga ang ikinasa ng mga manggagawa ng General Motors noong Setyembre 23 matapos tumangging makipagkasundo ang maneydsment sa ilang susing kahilingan ng kanilang unyon. Mahigit 73,000 manggagawang nagtatrabaho sa 82 planta ng General Motors sa iba't ibang bahagi ng US ang magkasabay na tumigil magtatrabaho at nagtirik ng mga piketlayn.

Humantong sa dedlak ang negosasyon para sa bagong *collective bargaining agreement* nang tumanggi ang maneydsment na maglaan ng sapat na pondo para sa mga benepisyo ng 339,000 retiradong mga manggagawa at kanilang mga asawa. Hindi rin nagkasundo ang unyon at maneydsment sa mga susing usapin kaugnay ng seguridad sa trabaho, seguridad sa kalusugan at dagdag na sahod. Ayon sa United Auto Workers, unyon ng mga manggagawa, simula't sapul ay naging makaisang-panig ang pakikipagnegosasyon ng General Motors.

Ito na ang isa sa pinakamalalaking welga sa bansa sa loob ng mahabang panahon. Sa General Motors, huling nagwelga ang mga manggagawa sa dalawa nitong planta noong 1998. Huling nagpatawag ng pambansang welga ang United Auto Workers noong 1976.

Ayon sa mga ekonomista, matindi ang magiging epekto ng welga hindi lamang sa General Motors kundi sa ekonomya ng US. Tinatayang aabot sa \$325-350 milyon ang malulugi sa kumpanya kung tatagal nang isang linggo ang welga. Inilunsad ang welga sa panahong tumitin-di ang krisis sa ekonomya ng US dahil sa pagputok ng bula sa pabahay at kaugnay nitong pautang. **AB**

Patuloy ang sigalot sa Iraq

Nagpapatuloy ang kaguluhan at matinding sigalot sa loob ng Iraq at ang kabiguan ng US na kontrolin ito at pigilan ang lumalaki pang pagkatalo nito siyam na buwan matapos ang "surge" o ang pagdaragdag ng mga tropang Amerikano sa bansa. Hindi ito mapagtatakpan ni Gen. David Petraeus, kumander ng pwersang Amerikano sa Iraq, sa kanyang ulat-pagtatasa sa Senado ng US noong Setyembre.

Mismong mga sundalo ang nagbunyag sa tunay na kalagayan sa Iraq. Noong araw na magbigay ng testimonya ang heneral sa Senado, pitong sundalo na kumakatawan sa sentimyento ng mga ordinaryong tropa ang naglabas ng pahayag sa midya upang pabulaanan ang sinasabi ni Petraeus na unti-unti nang napapailalim sa kontrol ng militar ng US ang Iraq. Ayon sa kanila, bigo at mali ang estratehiyang *counterinsurgency* ng US sa pagharap sa galit ng mamamayang Iraqi. Pinalala lamang ng malawakang paggamit ng nakamatay at brutal na karahasan ang kanilang pagkasuklam.

Sa kabila nito, desidido pa rin ang pangkatin ni George Bush na manatili sa bansa at lubusin ang mga layunin ng okupasyon. Upang pahupain ang panawagan laban sa okupasyon sa Iraq, inianunsyo ni Bush matapos

mag-ulat si Petreaus na mag-aatras ito ng ilang mga tropang Amerikano sa Iraq. Pero kung susuriin, ibabalik lamang nito ang antas ng deployment sa Iraq sa bilang ng mga sundalo bago ang pagdagdag ng tropa nitong taon.

Inakala ng rehimen ni George Bush na sa pamamagitan ng pagdaragdag ng tropa noong Enero ay mapatatag nito ang papet na rehimen sa Iraq at mapasusuko ang mga grupong Iraqi na lumalaban sa okupasyon. Ngunit sa buong panahong ito, hindi nagawa ng US na palawakin labas sa makitid na bahagi ng Baghdad ang kapangyarihang pampulitika ng papet na rehimen. Katunayan, 17 ministro nang kumakatawan sa pinakamalalaking armadong grupo ang tumiwalag sa koalisyong papet na guberno. Gayundin, hindi nito nahikayat ang iba pang grupong etniko na magpailalim sa rehimen. Nananatiling nasa kamay ng mga armadong grupong Iraqi na lumalaban sa okupasyon ang malalaking bahagi ng bansa. Walang magawa ang pwersa ng US at laluna ang papet na rehimen para kontrolin o puksain sila dahil sila rin ang pumupuno sa mga itinayo ng US na lokal na hukbo at pulisya.

Hindi rin napahupa ng pagdaragdag ng tropa ang pangkalahatang karahasan sa loob ng bansa. Ayon sa mga ulat, bahagyang humupa ang mga armadong sagupaan sa loob ng Baghdad kung saan nakadeploy ang mayorya sa idinagdag na tropa. Ngunit sa pangkalahatan, tumaas ang bilang ng mga biktima ng pampulitikang karahasan. Mataas ang naging kabayaran sa panig ng mga tropang Amerikano. Lampas 600 sundalong Amerikano na ang namamatay mula nang umpisahan ang "*surge*". Umaabot naman sa 4,000 sa kanila ang nasugatan sa panahong ito. Sa pinakahuling tala, mahigit 3,800 sundalo na ang namatay at mahigit 27,700 ang nasugatan mula nang sakupin ng US ang Iraq.

Mas malala pa, halos walang kapantay ang dinaranas na kahirapan ng mamamayang Iraqi. Umaabot na sa 2.5 milyong Iraqi ang lumikas mula sa bansa at nakatira ngayon sa mga mala-impyernong *refugee camp* sa hangganan ng mga kalapit na bansa. Dagdag dito ang mahigit dalawang milyon ding mga *internal refugee*. Nananatiling walang kuryente, tubig at serbisyong pangkomunikasyon ang malaking bahagi ng bansa. Lampas kalahati ng pwersa ng paggawa ay walang trabaho. **AB**

Pagpapalaya kay Ka Joema, pinagtibay ng hukumang Dutch

PINAGTIBAY ng Court of Appeals sa The Netherlands nitong Oktubre 3 ang desisyon ng District Court ng The Hague na palayain si Jose Maria "Joema" Sison habang isinasagawa ang imbestigasyon sa kasong "*inciting to murder*" kaugnay ng pagpatay kina Romulo Kintanar at Arturo Tabara noong 2003 at 2004. Ito ay matapos umapela ang prosekusyon laban sa utos ng mas mababang hukuman na palayain si Ka Joema noong Setyembre 13.

Idiniin ng Court of Appeals na hindi sapat ang naipong ebidensya ng prosekusyon upang isakdal si Ka Joema. Sa gayon, maaari siyang manatiling malaya habang isinasagawa ang imbestigasyon. Desisyon pa rin ng prosekusyon kung itutuloy pa nito o hindi ang kaso.

Pinasalamatan ni Ka Joema ang Court of Appeals ng The Netherlands sa pagbasura sa apela ng prosekusyon. Pero higit niyang pinasalamatan ang mga kasama, mga tagasupporta, mga partido at mga organisasyon, mga institusyon at personahe sa iba't ibang bansang nagmamahal sa demokrasya at kalayaan. Aniya, inihayag ng desisyon ng Court of Appeals na sadyang walang basehan at gawa-gawa lamang ang mga kasong isinampa laban sa kanya.

Panibagong pambubusil ng Malacañang

ISA na namang kautusan ang inilabas ni Gloria Arroyo para pagtakpan ang mga krimen na kinasasangkutan ng mga elemento ng AFP. Inilabas ni Arroyo nitong Oktubre 4 ang Administrative Order 197 (AO 197) para umano pagbawalan ang militar na maglabas ng impormasyong may kinalaman sa "pambansang seguridad." Ang bagong order ay dagdag pa sa Executive Order 464 at Memorandum Circular 108 na dati nang ginagamit ng Malacañang para pigilin ang pagbwelo ng mga imbestigasyon hinggil sa mga anomalya at krimen na kinasasangkutan ng rehimen.

Isa sa mga unang paggagamitan ng AO 197 ay ang kasong pagdukot sa aktibistang si Jonas Burgos. Patuloy na tumatanggi ang AFP na sundin ang kautusan ng korteng dumidinig sa kaso na isumite ang resulta ng imbestigasyon ng militar kung papaano napunta sa isa sa mga sasakyang ginamit sa pagdukot ang plaka ng isang dyip na kinumpiska at noon pang 2006 ay nakaimbak na sa himpilan ng 56th IB sa Norzagaray, Bulacan.

Gagamitin din ito para pigilan ang anumang pagbubunyag ng mga elemento ng ISAFP na sangkot sa iskandalong "Hello Garci."


**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 19
Oktubre 7, 2007
www.philippinerevolution.org

Editorial

Patung-patong na ang katiwalian ng rehimeng Arroyo



Tuluy-tuloy na lumalaki ang apoy na nilikha ng pagkakabunyang ng maanomalyang kontrata ng rehimeng Arroyo sa ZTE Corporation ng China para sa National Broadband Network (NBN) at marami pang kaugnay at katulad na transaksyon.

Anumang maniobra ang gawin ng Malacañang, hindi na nito magtatakpan na ang mag-asawang Gloria at Mike Arroyo ang siyang pangunahing nasa likod at pinakanakinabang sa kontratang NBN-ZTE at naglalaway sa higit pa sanang pakinabang dito.

Sinikap ni Gloria na patayin ang apoy sa pamamagitan ng "pribilehiyo ng ehekutibo" sa ilalim ng Executive Order 464 at Memorandum Circular 108. Gamit ang mga ito, pinigilan ang buong pagsisiwalat ng mga impormasyon tungkol sa anomalya na nalalaman ni Romulo Neri, dating direktor ng National Economic Development Authority. Sa gayon, bagama't nag-ingay siya ukol sa panunuhol ni dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos para sa ZTE, tumahimik siya hinggil sa mismong papel ni Gloria Arroyo sa lahat ng ito. Samantala, sinampahan ng kasong *impeachment* si Abalos dahil sa kanyang panunuhol.

Sa paghahangad na maapula ang apoy, kinansela ni Gloria Arroyo ang kontrata sa ZTE. Umiiwas na madamay ang mag-asawang Arroyo kapag umusad ang *impeachment* kay Abalos sa Kongreso kaya isinakripisyo na lamang siya at pinagbitiw bilang pinuno ng COMELEC noong Oktubre 1. Gayunpaman, hindi na mapapahupa ng gayong mga hakbang ang malinaw nang kongklusyon at matinding galit ng mamamayan hinggil sa anomalyang ito na isa na sa pinakamalalaki sa kasaysayan ng

**Mga tampok sa
isyung ito...**

Kwentong kurakot
PAHINA 3

**18 armas, nasamsam
ng BHB sa Caraga**
PAHINA 4

**Mga bidyo laban sa
paninikil ng rehimen**
PAHINA 6

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com